**ANUNSYO**

Ipinababatid ng Embahada ng Pilipinas sa Italya na mula ika-7 ng Hulyo, 2021, lilipat na ito sa bago nitong tanggapan na matatagpuan sa ***Via Aurelia*** **290/a**, **00165, Roma**.

Sa ngayon, lahat ng serbisyong konsular ay ibinibigay pa rin sa kasalukuyan nitong tanggapan sa ***Viale Medaglie d'Oro, 112-114,*** **00136, Roma**. Paalala po sa lahat na dahil sa pinatutupad na *health regulations* ng Embahada, kailangan kumuha muna ng appuntamento para makapasok sa tanggapan ng Embahada para sa mga serbisyo konsular.

Magsisimulang magbigay ang Embahada ng appuntamento para sa ilang serbisyong konsular sa bago nitong tanggapan sa ***Via Aurelia*****,** mula ika-16 ng Hulyo, 2021. Yung lamang pong may appuntamento mula sa Embahada ang maaring papasukin sa loob.

Maaaring marating ang bagong tanggapan ng Embahada sa pamamagitan ng mga sumusunod na pampublikong sasakyan:

**Sa pamamagitan ng bus na may ruta Bilang 46 o 49**

Bus Bilang 46 (Piazza Venezia - Stazione Monte Mario)
(Statione Monte Mario - Piazza Venezia)

Fermata: Aurelia/S.Carlo (H)
(Fermata ID: 77311)

Bus Bilang 49 (Piazza Cavour - Ospedale San Filippo Neri)
(Ospedale San Filippo Neri - Piazza Cavour)

Fermata: Aurelia/S. Carlo (H)
(Fermata ID: 77311)

**Sa pamamagitan ng Metro**

**Metro Linya A (Orange Line)**
Tumigil sa Statione Baldo degli Ubaldi
Maglakad patungo sa Via Aurelia. Maaring gamiting ang
Via Egidio Albornoz o ang Via Cardinal Mistrangelo.

**Ipapaalam ng Embahada ang karagdagang detalye tungkol sa paglipat sa lalong madaling panahon.**

**Subaybayan po ninyo ang website ng Embahada https://romepe.dfa.gov.ph/ at ang Facebook page nito para sa mga susunod na balita.**

**Ika-6 ng Hulyo, 2021.**

# Mapa ng Bagong Tanggapan sa Via Aurelia 290/a

